# KUNWARING MODEL UNITED NATIONS*

Masusing mauunawaan ng mga kalahok kung paano gumagalaw ang Model United Nations. Magkukunwari sila bilang mga diplomat ng iba't ibang bansa sa mundo. Matututo silang magbasa ng mga pananaliksik at artikulo sa internet. Pag-uusapan nila ang nangyayaring krisis sa klima at ang epekto nito sa produksyon ng pagkain at sa mga panghalili sa produksyon ng pagkain tulad ng ginagawa sa United Nations.

## Climate Change

### Oras na Kailangan

Puwedeng magdaos sa paaralan ng 2 araw na event sa patnubay ng mga administrador ng paaralan

### Hirap

Mahirap

### Mga Kinakailangan

Silid na may parihabang pagkakaayos ng mga upuan para sa mga diplomat

Mesa para sa tagapangasiwang komite

Mesa at upuan para sa International Press

Mga kuwaderno at panulat para sa mga kalahok

Placard na may pangalan ng bansa at posisyon

Iba pang kinakailangan ayon sa mapagpapasyahan ng mga tagapag-ayos

TANDAAN: Kailangang tungkol lang sa pagbabago ng klima at mga epekto nito sa produksyon ng pagkain ang mga usapin at talakayan.

*Ginawa ang aktibidad na ito bilang karugtong ng pag-aaral na konektado sa **Towerganics** Limitless Project.



# KUNWARING MODEL UNITED NATIONS*

## Mga tagubilin

**Unang Hakbang**

- May pitong kalahok na itatalaga sa isang partikular na bansa. May tatlong kalahok na uupo bilang tagapangulo, katuwang na tagapangulo, at direktor ng pagpupulong. Tatawagin ang tatlong posisyong ito bilang tagapangasiwang komite sa mga susunod na bahagi ng dokumento. May dalawang kalahok na mananatiling International Press sa komite.

**Ikalawang Hakbang**

- Kailangang talakayin ng mga diplomat sa harap ng tagapangasiwang komite ang mga usapin tungkol sa krisis sa klima at mga epekto sa produksyon ng pagkain. Kailangang mapag-usapan ang mga alternatibong paraan ng produksyon ng pagkain, gaya ng vertical farming, hydroponics, aeroponics, at iba pa.

**Ikatlong Hakbang**

- Kailangang idirekta ng tagapangasiwang komite ang talakayan para mapagpasyahan ang mga usapin.

**Ikaapat na Hakbang**

- Kailangang iulat ng International Press ang mga mapagpapasyahan sa bawat usapin.

**Ikalimang Hakbang**

- Gagawaran ng parangal ng tagapangasiwang komite ang Pinakamahusay na Diplomat at pinakamahusay na Strategist.



# KUNWARING MODEL UNITED NATIONS*

## Mga responsibilidad ng mga diplomat

Siguraduhing magsaliksik tungkol sa kalagayan ng klima at mga epekto ng pagbabago ng klima sa produkyson ng pagkain sa kinakatawang bansa.

Magpanatili ng kagandahang-asal sa aktibidad at ipresenta ang sarili sa maayos na paraan. (Tandaang kinakatawan mo ang iyong bansa.)

Siguraduhing maghahain ka ng mahahalagang usapin sa harap ng komite at maayos at nakatuon sa solusyon ang talakayan.

## Mga responsibilidad ng tagapangasiwang komite

Siguraduhing napapangasiwaan nang maayos ang komite at magsasalita lang ang mga kalahok kapag sila na ang nakatakdang magsalita at kapag hiniling lang na magsalita sila.

Siguraduhing tatawagin ang mga diplomat sa pangalan ng mga bansa nila.

Siguraduhing hindi paulit-ulit ang mga talakayan at may mapagkakasunduan.

Siguraduhing may oras para sa libangan at mga simpleng usapan sa sesyon ng talakayan.

Gawan ng ebalwasyon ang mga diplomat batay sa kanilang presentasyon, paraan ng pagsasalita, mga puntong inilahad, pakikibahagi sa mga talakayan, at diplomasya.

Iwasang magkaroon ng anumang uri ng pagkiling sa mga sesyon ng talakayan.

*Puwedeng italaga ng tagapag-ayos na komite ang mga responsibilidad ng indibidwal na tagapangulo, katuwang na tagapangulo, at direktor.*

## Mga Responsibilidad ng International Press

Iulat ang mga paksang tinatalakay sa pagpupulong.

Kumuha ng mga larawan at maiikling video.

Gumawa ng balita ng event at ipresenta iyon sa komite sa huling araw.

